REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-234

KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG KURA PAROKO, PASTOR, O MINISTRO NG MGA SIMBAHAN O KAPILYA NG ANUMANG RELIHIYON NA NASA BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAGLAGAY NG MAAYOS NA PAMPUBLIKONG PALIKURAN SA KANILANG SIMBAHAN O KAPILYA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang simbahan at ang pagsimba ay isang institusyon at kaugalian na bahagi na ng buhay ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, bukod sa tulong na nanggagaling sa Pamahalaang Nasyonal ay umaasa rin ito sa mga donasyon o kaloob ng mga mamamayang nagsisimba dito;

SAPAGKAT, ang tawag ng kalikasan ay walang pinipiling oras, lalo na sa mga may karamdamang kaugnay ng sistemang panunaw na kadalasan ay nagiging sanhi ng pagpapaliban ng araw ng pagsimba;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng pampublikong palikuran ay hakbang upang maiwasan ang napakasagwang tanawin ng pag-ihi ng matanda o bata man sa mga gilid , pader, o tabing-puno ng mga simbahan.

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nag-aatas sa lahat ng Kura Paroko, Pastor, o Ministro ng mga simbahan o kapilya ng anumang relihiyon na nasa Bayan ng Muntinlupa na maglagay ng maayos na pampublikong palikuran sa kanilang simbahan o kapilya.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ,Kalakhang Maynila sa kanilang pang 181st regular na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Disyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**


Kapasiyahan Bilang 91-234

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
KOnsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN : ______________________
PETER B. SALONGA

PBS/vts